

Buhay na/ng Wika: Ang Departamento ng Linggwistiks at Usapin ng Filipino bilang Wikang Pambansa¹

**Mary Ann G. Bacolod,^a Ma. Althea T. Enriquez,^b
Jem R. Javier,^a April J. Perez,^b
Francisco C. Rosario, Jr.,^a at Jurekah Chene S. Abrigo^a**

^aUP Departamento ng Linggwistiks,

^bUP Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas

¹Naunang binasa sa 15th Philippine Linguistics Congress (15PLC) noong 2023, ang artikulong ito ay nagbabalik-tanaw at nagbibigay-pagkilala sa mga naunang akademiko at linggwista at ng kanilang mahalagang ambag sa kasaysayan ng pambansang wika ng Pilipinas. Nagpapasalamat kami sa mga nagbigay ng komento sa unang bersiyon ng papel na ito na aming binasa sa 15PLC. Amin ding pinasasalamatan ang mga nagrebyu ng aming manuskrito upang lalong mapatingkad ang mga punto at argumentong mababasa sa papel na ito. Nagpapaabot din kami ng pasasalamat sa patnugutan ng *The Archive* at sa pamunuan ng UP Departamento ng Linggwistiks sa pagkakataong mabuo ang pag-aaral at maipamahagi ang mga resulta ng aming pananaliksik.

Abstract

Tunay na naging masalimuot ang mga talakayan hinggil sa pagdalumat, pag-iral, at kahihinatnan ng Filipino: una, bilang wikang pambansa at patakarang pangwika na ipinatupad sa isang bansang multilingguwal; at pangalawa at kapwa-mahalaga, bilang isang wikang masasabing lehitimo sang-ayon sa iba't ibang akademiko at politikal na pamantayan. Ang papel na ito, kung gayon, ay nagtatangkang mag-ambag sa diskursong ito sa pamamagitan ng pagtalakay sa mga naging pag-unlad ng Filipino bilang disiplina, espesyalisasyon ng linggwistiks at bilang aralin sa wika. Tatalakayin ang kasaysayan at paglinang nito bilang isang wikang pambansa at ang naging papel ng dalawang institusyon, ang Departamento ng Linggwistiks at Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa Unibersidad ng Pilipinas, sa pagtaguyod at pagsulong sa wikang Filipino bilang asignatura at bilang larangan.

Susing salita: Filipino, Wikang Pambansa, Filipino bilang Asignatura, Filipino bilang Larangan

1 Panimula

Mula noon hanggang ngayon, patuloy na nagiging paksa ng maiinit na talakayan ang estado ng wikang Filipino. Bagama't kinikilala ito bilang wikang pambansa ng isang multilingguwal na bansang dumaan

sa mahabang kasaysayan ng pananakop ng mga dayuhan, patuloy pa ring ipinaglalaman ang pagiging lehitimo nito sang-ayon sa iba't ibang akademiko at politikal na pamantayan.

Layunin ng papel na ito na makapag-ambag sa nagpapatuloy na diskurso sa wikang pambansa sa pamamagitan ng pagbabalik-tanaw sa mga pinagdaanan ng wikang Filipino mula sa lente ng mga disiplina at espesyalisasyon ng linggwistiks at aralin sa wika. Tatalakayin nito ang naging usapin ukol sa Filipino bilang isang lehitimong wika, sa pamamagitan ng pagtalaytay sa kasaysayan at pag-unlad ng isang pambansang wika sa konteksto ng Pilipinas, ang tinatawag na “Universal Approach” at ang pagbuo sa isang wikang pambansa, at ang istruktural at sosyolinggwistik na kayarian nito bilang isang umiiral na lingua franca na pambansa ang saklaw. Tatalakayin din nito ang Filipino bilang paksa o asignatura sa mga paaralan (elementarya at hayskul) at ang pagtatasa sa mga ipinatutupad na pamantayang pangnilalaman at batayang kasanayan at kaalaman ng mga mag-aaral nito. Panghuli, bibigyang-pansin ang pagtataguyod sa Filipino bilang larangan, sa pamamagitan ng paglalahad ng ilang historikal na tala tungkol sa pagkakatatag ng UP Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas (buhat sa Departamento ng Linggwistiks), pagtalakay sa kung paano isinusulong ang Filipino bilang isang tatluhang larangan (istruktura, pagpaplanong pangwika, at pagsasalin), at pagsipat sa larangan ng Filipino sa konteksto ng gradwado at di-gradwadong pag-aaral.

Sa pagtalakay mula sa iba't ibang perspektiba ng mga nabanggit na larangan, inaasahang makakapag-ambag ang papel na ito sa mas malalim pang pag-unawa sa kung paano patuloy na nahuhubog ang wikang

Filipino ng mga linggwistik at sosyo-politikal na salik sa pambansa at akademikong konteksto.

2 Ang Filipino bilang Lehitimong Wika

Sa karaniwang pamantayan ng linggwistiks, ginagamit ang mutual intelligibility test sa pagtukoy kung ang isang speech habit ay hiwalay at nakapag-iisang wika. Sa ganitong pagtutuos, kapag ang dalawang magkausap ay nagkakaunawaan (at may pagkakaiba lamang sa ilang tunog o gamit na termino, na kadalasang sumasalamin sa identidad o etnolinggwistikong kinabibilangan), sila ay gumagamit ng diyalekto (o varayti) ng iisang wika. Kung hindi na sila nagkakaintindihan, magkaibang wika ang kanilang ginagamit. Sa ganitong pamantayan, malinaw na ang Filipino ay isang varayti (kadalasan pa nga ay sinasabing varayti ng metropolitan na lugar gaya ng Kalakhang Maynila) ng Tagalog.

Kaya naman, malimit na pahayag ng mga kritiko ng nosyon ng Filipino-bilang-wika na iyon ay diyalekto lamang ng Tagalog, na pangunahing sinasalita sa Kalakhang Maynila, kung kaya hindi maituturing na lehitimong wika (maaaring basahin, halimbawa, ang talumpati ni Sikat, 1990 tungkol sa kaibahan—o pagkakapareho—ng Filipino at Tagalog). Sa kabilang banda, mayroon ding nagsasabing ang Filipino (o Pilipino sa papel ni Santiago, 1979) ay nagdaraan pa sa proseso ng creolization² kung kaya maaga pa bago hatulan ito bilang

²Sa pananaw ni Santiago (1979), ang wikaing sinasalita sa Kalakhang Maynila ay isang umuusbong na creole na batay sa Tagalog at Ingles, bunga ng bilingguwal na katangian ng mga tagapagsalita nito, matapos ang ilang dekadang pananakop ng mga Amerikano sa Pilipinas noong ika-20 siglo.

isang wikang hiwalay sa katutubong wika ng bansa gaya ng Tagalog. Sa bahaging ito ng papel, tatalaytayin ang buhay ng Filipino hindi lamang bilang isang linggwistik na konsepto kundi bilang isang wikang produkto ng politikal na pangangailangang malikha, makapamalagi, at maipalaganap.

Sa ginawang komparatibong pag-aaral ni P. Constantino (1991) tungkol sa Pilipinas, Indonesia, at Malaysia na pare-parehong may pinagdaanang yugto sa kani-kanilang kasaysayang nauukol sa paghahanap ng isang pambansang wika, isinaad niya na ang sitwasyong pangwika ng bawat lipunan ay natatangi. Sa naging sitwasyong pangwika sa Pilipinas, iba ang naging trahektorya ng pagbuo o paglinang ng pambansang wika, iba rin ang naging karanasan sa Malaysia, at iba rin ang naging karanasan sa Indonesia. Bagama't parehong mga multilingguwal at multikultural na bansa ang mga ito, lumalabas na nakadepende sa tiyak na katangian ng mga wikang umiiral ang paghahanap ng isang wikang pambansa. Bagama't karamihan ng mga wika sa mga bansang ito ay magkakaugnay, iisa ang pamilyang wika o language family, kailangan pa ring maisaalang-alang ang halaga ng konteksto. Ibig sabihin, makabuluhan din sa sitwasyon ang mga taong sangkot sa paglinang ng wika at ang mismong lagay ng lipunan.

Halimbawa, hindi naiiba sa karanasan ng Pilipinas ang naging karanasan ng Indonesia sa paghahanap nito ng isang pambansang wika. Parehong multilingguwal at multikultural ang Pilipinas at Indonesia. Nasa humigit-kumulang 700 ang mga wikang ginagamit sa Indonesia na kinabibilangan ng mga pangunahing wika tulad ng Javanese, Sundanese, Balinese, Minangkabau, at iba pa. Kabilang din sa mga wikang ginagamit ang wikang Melayu na sinasalita naman ng mas

maliit na bilang ng populasyon. Sa pamamagitan ng Second Indonesian Youth Congress noong ika-28 Oktubre 1928, idineklara ang isang wika na kikilalanin bilang wika ng pambansang pagkakaisa at ang Bahasa Melayu ang tinutukoy rito. Nakatutuwang isipin na bagama't nasa 5% lamang ang katutubong mananalita nito, nagawa pa rin ng Indonesia na linangin ito bilang basehan ng wikang pambansa na kalauna'y kikilalanin bilang Bahasa Indonesia (Sneddon, 2003). Sa pamamagitan ng Undang-Undang Dasar Negara Republik Indonesia Tahun 1945, Bab XV, Pasal 36 [Saligang Batas ng Republika ng Indonesia ng 1945, Kabanata XV, Artikulo 36], opisyal na kinilala ang Bahasa Indonesia bilang wikang pambansa.

Nagsisilbi bilang lingua franca ang Bahasa Melayu sa mga kapuluan ng Indonesia at tinitingnan ang estadong ito ng wika kung bakit mas estratehiko na gamitin ito bilang basehan ng binubuong wikang pambansa. Mas magiging madali kasi ang pagpapalaganap nito kumpara sa mga pangunahing wika tulad ng Javanese na bagama't ginagamit ng mas malaking bahagi ng populasyon ay limitado rin lang sa dominanteng etnolinggwistikong grupo. Malaking hamon din ang pagpapalaganap nito kung isasaalang-alang ang linguistic feature ng Javanese at iba pang wika sa Indonesia na may kumplikadong register (Quinn, 2001). Maaaring mag-iba ang gagamiting bokabularyo at grammar depende sa konteksto at estadong panlipunan ng nagsasalita at kausap nito. Dahil mas simple ang istruktura ng wikang Melayu at hindi ganoon kakumplikado ang anyo nito magbago man ang konteksto ng mga gumagamit nito, mas madali itong matututunan kumpara sa ibang mga pangunahing wika. Sa pagtatapos ng ika-20 siglo, matagumpay na napag-ugnay ng Bahasa Indonesia ang bansang

binubuo ng mahigit 200 milyon mula Sumatra hanggang Kanlurang Papua.

Nakita rin ng Pilipinas ang kahalagahan ng pagkakaroon ng wikang pambansa sa pagpapalakas ng pagkakaisa ng mga mamamayan. Sa panahong binubuo pa lamang ang Konstitusyon ng 1935, naipanukala na ang pagkakaroon ng multilingguwal na basehan ng wikang pambansa. Dumaan sa mahabang talakayan at debate sa Kongreso ang usapin na ito (Atienza, 1996). Nakasaad na sa mga pangkalahatang probisyon na gagawa ng hakbang ang National Assembly sa pagdebelop ng wikang pambansa na ibabatay sa mga umiiral na mga katutubong wika sa Pilipinas. Naging paksa ang pagtukoy sa Tagalog kasama ng Espanyol at Ingles bilang opisyal na wika ng Pilipinas.

Sa 1934 Constitutional Convention, nauna nang naipanukala ang multilingguwal na basehan ng ating wikang pambansa at pagsasagawa ng mga hakbang sa pagpapaunlad nito na ibabatay sa mga umiiral na mga wika sa Pilipinas. Ngunit sa Konstitusyon ng 1935, isinaad na ang idedebelop na wikang pambansa ng Pilipinas ay ibabatay sa isa sa mga wikang umiiral sa Pilipinas.

Kung babalikan, nakasaad sa burador ng Konstitusyon ng 1935 na, “[a]ng Pambansang Asambleya ay gagawa ng mga hakbang tungo sa pagpapaunlad at pagpapatibay ng isang komon na wikang pambansa batay sa mga umiiral na katutubong diyalekto. Hangga’t walang ibang itinatadhana ang batas, Ingles at Espanyol ang magiging mga opisyal na wika.” [Salin mula sa orihinal na Ingles: The National Assembly shall take steps towards the development and adoption of a common national language based on existing native dialects. Until otherwise provided by law, English and Spanish shall be the official languages.]

Ngunit, naging instrumento ang Committee on Style na binuo ni Pangulong Manuel Quezon upang mapalitan ang orihinal na probisyon tungong, “[a]ng Pambansang Asambleya ay gagawa ng mga hakbang tungo sa pagpapaunlad at pagpapatibay ng mga karaniwang wikang pambansa batay sa isa sa mga umiiral na katutubong (dayalekto) na wika. Hangga’t walang ibang itinatadhana ang batas, ang Ingles at Espanyol ay magpapatuloy bilang mga opisyal na wika.” [Salin mula sa orihinal na Ingles: The National Assembly shall take steps towards the development and adoption of a common national languages based on one of the existing native (dialects) languages. Until otherwise provided by law, English and Spanish shall (be) continue as official languages] (Yabes, 1977, p. 344). Mula sa orihinal na panukalang ibabatay ang wikang pambansa sa mga umiiral na wika sa Pilipinas, bakit ito ay naging isa na lamang? Ayon kay P. Constantino (2012), naging “politikal ang pangunahing dahilan ng pagbabago ng wikang pambansa” (p. 3).

Taong 1936 nang itatag ang Surian ng Wikang Pambansa (Institute of National Language) na siyang nanguna sa pagpili kung alin sa mga umiiral na wika ang siyang gagawing batayan ng wikang pambansa. Inirekomenda ng Surian sa pamamagitan ng isang executive order noong 1937 na Tagalog ang gagawing batayan nito (National Commission for Culture and the Arts [NCCA], 2013, p. 1), at naging mainit na usapin ang naging desisyong ito. Marami ang hindi sumang-ayon at hindi tumanggap sa Tagalog, kung saan naging isyu ang pagdodomina ng iisang wika at ang hindi pagsama ng mga katutubong wika bilang bahagi ng binubuong wikang pambansa (P. Constantino, 2012). Bagama’t itinuro ang Tagalog-based na wikang pambansa bilang asignatura sa

paaralan, nanatiling Ingles ang opisyal na wika ng komunikasyon at midyum ng instruksiyon (NCCA, 2013, p. 1).

Upang maiwasan na maikabit sa iisang etnolinggwistikong grupo lamang ang wikang pambansa, noong 1959, ginawang Pilipino ang tawag sa wikang pambansa at patuloy na ginamit bilang midyum ng pagtuturo sa mga paaralan kasabay ng Ingles. Ngunit, hindi natuldukan ng pagpapalit ng pangalan ang usapin sa wikang pambansa. Anila, bagama't nagpalit ng pangalan ang wikang pambansa, hindi pa rin maitatanggi na Tagalog pa rin talaga ito. Dahil dito, kinailangang gumawa ng hakbang ng Kongreso sa pagdebelop ng wikang pambansa. Sa Constitutional Convention noong 1971, ipinanukala nina Ernesto Constantino, Consuelo Paz, Emilita Cruz, pawang mga kasapi ng kaguruan ng noon ay Department of Oriental Languages and Linguistics sa UP, kasama si Cecilio Lopez, ang unang Pilipinong sumailalim sa pormal na pagsasanay sa disiplina ng linggwistiks at kasama nilang guro sa naturang Departamento, ang konsepto ng “universal approach” o “paraang unibersal” sa pagdebelop ng wikang pambansa, na tatalakayin nang mas malaliman sa Seksiyon 5. Isinasaalang-alang sa paraan na ito ang mga magkakapareho o unibersal na mga linguistic feature ng mga wika ng Pilipinas. Sang-ayon ang paraan na ito sa layunin ng Constitutional Convention na makabuo ng isang wikang pambansang batay sa mga umiiral na wika sa Pilipinas, kasama na rin ang ilang mga banyagang wika. Mas mainam anila ang alternatibong paraan na ito kaysa sa naunang hakbang na nakabatay lang sa isang wika o sa Tagalog ang wikang pambansa. Isa rin ito sa mga nakikitang hakbang upang matugunan ang patuloy na

problema sa di-pagkilala sa wikang Pilipino bilang wikang pambansa (E. Constantino, 2015).

Sa 1973 Constitutional Convention, inirekomendang palitan ang Pilipino ng isang wikang nakabatay sa mga umiiral na wika sa Pilipinas at tatawaging Filipino. Nagkaroon ng mga oposisyon sa paggamit ng Filipino dahil sa usapin ng kakulangan ng mananalita at literatura para paunlarin ito bilang wika (NCCA, 2013, p. 2). Ngunit, kalaunan, sa pamamagitan ng Article 14, Section 6 ng 1987 Philippine Constitution, isinaad na “ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino at habang nililalang ay dapat payabungin at paunlarin pa batay sa mga umiiral na mga wika ng Pilipinas at iba pang mga wika.”

Kung tataluntunin ang institusyonal na kasaysayan ng UP Departamento ng Linggwistiks, umayon ang kanilang pananaliksik sa umiiral na pagdalumat ng isang wikang pambansa. Pinatutunayan ito ng isinagawa nilang paghahambing ng mga istruktura ng mga wika sa Pilipinas at pag-aambag sa kodipikasyon ng pambansang lingua franca. Sa kanilang pagsusuri, pagdodokumento, at pag-aarkibo ng iba’t ibang mga katutubong wika (C. J. Paz, 1995, pp. 21–22), naisagawa rin ang obserbasyon na sa Pilipinas ay mayroon nang mga rehiyunal na lingua franca na ginagamit sa iba’t ibang magkakaratig-bayan at pambansang lingua franca. Patuloy na nilalang at magpahanggang ngayo’y nililalang ang wikang Filipino, habang patuloy na pinauunlad bilang lingua franca, na ngayon ay ginagamit hindi lamang sa komunikasyon (pasulat at pasalita) at edukasyon, kundi pati na rin sa midya, opisyal na mga transaksyon, at literatura, at bilang opisyal at wikang pambansa ng Pilipinas. Ngunit sa kabila nito, nagpapatuloy pa rin ang usapin hinggil

sa pagiging lehitimo ng Filipino bilang wika, bilang asignatura, at bilang isang disiplina.

3 Ang Pagkatatag ng Departamento ng Linggwistiks at ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa UP

Bunsod ng kahilingan ng maraming Pilipino na magturo sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) ng mga kurso tungkol sa wika sa Pilipinas lalo na sa pangunahing wika tulad ng Tagalog at Bisaya dahil sa paniniwalang nararapat na maging sentro ang UP sa pag-aaral ng mga wika sa bansa, gayundin sa hangaring makabuo ng isang wikang pambansa (E. Constantino, w.p.), itinatag sa UP noong 29 Agosto 1922 ang Departamento ng Linggwistiks (na noon ay tinawag na Department of Philippine Linguistics) upang maisakatuparan ang mga sumusunod na orihinal na pangunahing mandato:

1. maging pangunahing sentro ng pag-aaral at pag-aarkibo ng mga wika at diyalekto sa Pilipinas; at
2. makatulong sa pagbuo ng pambansang wika, na noon ay hindi pa tinataglay ng bansa.

Sa itinalang kasaysayan ng Departamento ng Linggwistiks, naging pinakamalakas na pwersa, ayon kay E. Constantino (w.p.), ang problemang pangwika sa edukasyon at pambansang edukasyon upang itayo ang pinakaunang departamento ng mga wika ng Pilipino. Inaasahan, ayon sa kaniya, “ang magiging papel at kahalagahan ng departamento sa edukasyon at kapakanan ng mga Pilipino” (p. 1).

Unang itinuro sa departamento ang mga kursong *Philippine Linguistics 101* (History and methodology of the comparative study of languages) at *Philippine Linguistics 102* (History of the exploration of Oceanic languages) noong 1922. Taong 1924-1925, tinawag itong Department of Oriental Languages kung saan kasabay ng pagtuturo ng Philippine Linguistics ay itinuro din ang mga Wikang Intsik at Wikang Hapon. Nagkaroon ng mga pagbabago sa pangalan ng Departamento mula Department of Oriental Languages and Linguistics, tungong Department of Linguistics and Asian Languages (1973), at Department of Linguistics (1983). Taong 1970 sinimulan ang programang Doktorado sa Philippine Linguistics at taong 1975 naman sinimulan ang di-gradwadong programa o BA sa Linggwistiks (p. 2). Kinilala ng Departamento ang kahalagahan ng kilusan para sa wikang pambansa sa pamamagitan ng paghahain ng kurso na tumatalakay sa mga problemang pangwika sa Pilipinas (Language Problems in the Philippines) (De Leon, 2020, p. 9). Naging aktibo ang Departamento ng Linggwistiks sa mga gawain kaugnay ng pagsulong at pagpapaunlad ng mga wika sa Pilipinas at sa usapin ng paglinang ng wikang pambansa. Pinamahalaan ni Cecilio Lopez na noo'y tagapangulo ng Departamento ang pagsasagawa ng mga komparatibong pag-aaral ng mga wika sa Pilipinas, na ayon kay Constantino ay siyang ginamit na batayan sa pagpili sa Tagalog bilang batayan ng wikang pambansa na kalauna'y tinawag na wikang Pilipino (p. 3). Maliban dito, itinaguyod din ng Departamento ang pagtuturo ng mga kurso sa Pilipino (De Leon, 2020, p. 9) hanggang sa maitatag sa Unibersidad ang hiwalay na departamento para sa wikang pambansa noong 1966 .

Ang naturang departamento ay itinakdang “kukupkop sa mga kurso sa wikang pambansa” (De Leon, 2020, p. 6). Ayon kay De Leon, inaprubahan noong Enero 27, 1966 ang pagtatatag sa Department of Pilipino and Philippine Literature sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman upang siyang “mamahala sa mga kurso sa Philippine Institutions at Philippine studies” (p. 6). Ayon sa binuong manuskrito ni Teodoro (w.p.), na nagsasalaysay ng kasaysayan ng departamento ng Pilipino mula 1966 hanggang 1981, si Leopoldo Yabes ang unang tagapangulo ng departamento at may kasama siyang apat pang regular na fakulti at dalawang lektyurer.

Pagkatapos manungkulan bilang tagapangulo ni Yabes, sinundan naman siya ni Ernesto Constantino na nagtuturo rin sa panahong iyon sa Departamento ng Linggwistiks. Primaryang naging tutok ng mga mag-aaral sa panahon ni Constantino ang tungkol sa wikang pambansa na magkakaroon ng malaking ambag sa kaniyang magiging papel sa pagsulong ng Filipino sa Konstitusyon ng 1987. Ayon kay De Leon (2020) iminungkahi ni Constantino na noo’y sabay na tagapangulo ng UP Department of Oriental Languages and Linguistics at ng UP Department of Pilipino and Philippine Literature—kasama ng mga kapwa-linggwista na sina Paz, Cruz, at Lopez—na gamitin ang konsepto ng universal approach sa “pagbuo ng isang wikang pambansang tatawaging ‘Filipino’ na kaiba sa wikang Pilipino” (p. 2). Ang mungkahing ito ang siyang nagbigay-daan sa pag-angat sa estado ng Filipino (na noo’y isa nang umiiral na lingua franca) tungong wikang pambansa.

Bukod dito, malaki rin ang naging ugnayan ng Departamento ng Linggwistiks (na Department of Oriental Languages and Linguistics sa

panahong iyon) sa Department of Pilipino and Philippine Literature dahil ang mga kurso sa di-gradwadong programa ng Pilipino mula sa Departamento ng Linggwistiks ay inilipat at itinuro sa Department of Pilipino and Philippine Literature. Mayroong 17 kurso ang inilipat, kasama na rito ang *Pilipino 3 and 4* (Conversational Pilipino), *Pilipino 10 and 11*, *Pilipino 101* (Advanced Grammar - Study of the Structure of Pilipino), *Pilipino 102* (Rhetoric), *Pilipino 106* (Survey of Tagalog Literature), at *Pilipino 199* (Special Studies). Maliban sa mga kursong akademiko, mapapansin ang pagkakaroon ng mga kurso na itinuturo ang wika dahil na rin sa kalikasan ng departamentong pinanggalingan. Binanggit ni Orara (1993; banggit sa Laranjo, 2020, pp. 158–159 at sa De Leon, 2020) na sinimulang ituro ang wikang Tagalog sa mga banyaga noong 1924 bago naging akademikong klase na *Pilipino 3 at 4* (at ngayo’y *Pilipino 3 at 4*). Sa huling taon ng panunungkulan ni Constantino, pinalitan ang pangalan ng departamento at naging Departamento ng Pilipino at mga Wika sa Pilipinas noong 1974.

Noong sumunod na taon, naging tagapangulo si Petronilo Daroy at sa panahon ng kaniyang panunungkulan ay pinalitan ang pangalan ng departamento tungo sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas (DFPP) (na ginagamit magpahanggang ngayon) bunsod ng pagkakahati sa tatlong dibisyon ng dating Kolehiyo ng Sining at Agham. Napabilang ang DFPP sa Dibisyon ng Humanidades (Teodoro, w.p.).

Sinundan ni Gonzales-Garcia (w.p.) sa kaniyang ginawang manuskrito ang pagsasalaysay ng kasaysayan ng departamento at sinabing noong mga taon na iyon, kung saan nga sinasabing nag-aalab ang damdaming makabayan, sinubukang gamitin nang husto ang wikang pambansa sa loob ng klase na kilala na sa pangalang Filipino,

ang nabubuonong lingua franca. Marami raw ang mga nag-meyor na mga estudyante at pinananatili ang mga kursong itinuturing na dekalidad dahil napaunlad na ang mga ito. Malinaw na bahagi ng debelopment ng Filipino ang paggamit nito sa loob ng klasrum, na siyang unang hakbangin patungo sa intelektuwalisasyon ng wika. Isa ito sa mga prosesong kumikilala sa wikang Filipino bilang lehitimong wika, na nakasandig sa paggamit nito bilang wikang panturo. Gayundin, ang kasaysayan ng pag-iral, sosyo-politikal na pinagdaanan, at pagpapalawig ng paggamit sa iba't ibang domeyn ay nagbunsod sa Filipino upang maging isang umuusbong na hiwalay na akademikong disiplina.

4 Ang Filipino bilang Paksa o Asignatura

Bukod sa usapin ng pagkalehitimo bilang wika, umusbong din ang mga usapin tungkol sa Filipino bilang asignatura at bilang wikang panturo, lalo na sa konteksto ng iba't ibang patakarang pangwika sa edukasyon, gaya ng Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) na isang mainit na paksang-usapan sa kasalukuyan.

Ayon kay V. Paz (2012), nabigyang-puwang noong panahon ng Komonwelt ang pagiging asignatura ng isang katutubong wika, mula sa probisyon sa wika ng Konstitusyon noong 1935. Taong 1943 naman itinagubilin na ituturo ang wikang pambansa sa lahat ng pribado at pampublikong paaralan at kolehiyo, at bilang asignatura mula unang baitang ng mababang paaralan hanggang ikaapat na taon sa mataas na paaralan. Sa bisa rin ng CHED Memorandum Order No. 59, s. 1996, siyam na yunit ng Filipino ang ipinakukuha sa mga baccalaureate degree program sa iba't ibang Higher Education Institutions (HEIs) sa bansa.

Sa usapin ng Filipino bilang paksa o asignatura, maaaring balikan ang pag-aaral ni Melendrez-Cruz (1996) kung saan ibinahagi niya sa kaniyang papel kung paano umiiral ang Filipino bilang asignatura at bilang wikang panturo. Magpahanggang ngayon, mainit pa rin itong usapin at maraming mga isyung laganap hinggil sa pagtuturo ng Filipino. Isang halimbawa, sa Basic Education, hindi pa rin natatapos ang usapin tungkol sa kurikulum at kung paano ba itinuturo ang Filipino bilang paksa o isang asignatura. Maaaring tingnan ang ilang mga datos halaw sa isinulat nina Perez at Petras (2019), na may kinalaman sa pagsusuri sa nilalamang panggramatika sa K-12 o ang programang nagtataglay ng 13 taon ng basic education, batay sa Republic Act No. 10533 o “Enhanced Basic Education Act of 2013.” Nagtataglay ito ng sumusunod na mahahalagang bahagi: kindergarten hanggang ikatlong baitang (K-3), ikaapat hanggang ikaanim na baitang, ikapito hanggang ikasampung baitang (junior high school), at ikalabing-isa hanggang ikalabindalawang baitang (senior high school). Ibinase ang pagsusuri sa nilalamang panggramatika sa curriculum guide na inilabas noong 2016. Mayroon itong konseptuwal na balangkas na nagsasabing ang tunguhin talaga ay ang paghubog ng isang buo at ganap na Filipino na may kapaki-pakinabang na literasi. Kung babalikan din ang 190 pahina ng Curriculum Guide na ito ng K-10, makikita ang layunin ng pagtuturo ng Filipino at binabanggit kung ano nga ba talaga ang nais malinang. Makikitang nakatutok ito sa kakayahang komunikatibo, replektibo, mapanuring pag-iisip, at pagpapahalagang pampanitikan. Dito, makikitang magkasalikop ang paggamit ng wika kasunod ang pagsusuri sa teksto, ayon sa antas.

Sa pagtuturo ng Filipino bilang asignatura, mapapansing hindi ito itinuturo sa paraan kung paano natin itinuturo ang isang banyagang wika sa mga mag-aaral. Sa dahilang mayroon nang palagay na ang mga mag-aaral ay marunong nang mag-Filipino, kung kaya sa mga paaralan ay mas hinuhubog na ang kakayahang komunikatibo (o communicative competence).

Kung titingnan naman o iisa-isahin ang mga baitang, magkakaiba ang mga competency na nais na idebelop sa mga bata ayon sa baitang. Hindi ito katulad ng pagtuturo ng Filipino o ng ibang wika bilang wikang banyaga dahil inaasahan nga na Pilipino ang mga mag-aaral, na marunong na ring magsalita ng wikang Filipino. Mayroon na lamang mga partikular na paksang nais palaguin o paigtingin pa sa bawat baitang. Batay sa ilang mga obserbasyon, halimbawa, makikita na mayroong mga core learning area standard at key stage standard kung saan ito ang mga nais pang linangin sa bawat baitang sa pagtuturo ng Filipino bilang asignatura sa basic education.

Katulad na lamang sa K-3, layunin na mabigyan ng kakayahan ang mag-aaral na ipakita ang kasanayan sa pag-unawa at pag-iisip sa wikang Filipino mula sa mga narinig at nabasang teksto. Pagdating ng ikaapat hanggang ikaanim na baitang, mayroon nang pagtutok sa pagbigkas at pagsulat. Dahil spiral progression ang pinaghuhugutan nitong balangkas mula doon sa pakikinig at pagbabasa, aangat ang mag-aaral sa pagsulat at pagsasalita.

Pagdating ng junior high school, tututukan na ang mga kakayahang komunikatibo, replektibo, mapanuring-pag-iisip, at pagpapahalagang pampanitikan sa tulong ng mga tekstong pampanitikang Asyano. Samanatala, pagdating sa senior high school, tututok naman sa

mas disiplinado na lapit. Sinasabi na kailangang may tulong na ng teknolohiya. Maaabot na ang mas mataas na pang-akademikong pang-unawa ngunit mas pagtutuunan pa ng pansin ang mga paksa sa gramatika.

Upang higit na makita ang sinasabing progression, kagaya na lamang sa una at ikalawang baitang, sa kaalaman o nilalamang panggramatika, tatalakayin ang pangngalan. Sa mga baitang na ito, ang tuon ay naroon sa leksikal na kategorya. Halimbawa, tatalakayin ang pangngalan sa una at ikalawang baitang ngunit sa ikalawang baitang ay ipapasok na ang pagtalakay sa panghalili sa pangngalan, salitang kilos, salitang nagsasaad ng paraan o panahon, salitang naglalarawan, at payak na pangungusap.

Pagdating sa ikatlong baitang, binabanggit na ang tungkol sa panghalip, pandiwa, at pang-abay. Sa ikaapat na baitang, ipinakikilala na rin ang panagano, pang-angkop, pangatnig, at mga uri ng pangungusap. Samantala, sa ikalimang baitang, mas malalim na pandiwa na ang tuon, habang sa ikaanim na baitang naman, mga parirala, pang-abay, at iba't ibang uri ng pangungusap na ang binibigyang-pansin. Makikita na sa pagsusuri nitong mga curriculum guide, may nakatalagang schedule o bilang ng linggong ilalaan sa pagtalakay. May mga linggo talaga na iyon at iyon ang paksa at nakatuon lamang halimbawa sa isang partikular na leksikal na kategorya kung saan layunin nito marahil na magagap ng mga estudyante ang aspektong ito ng grammar. Pagdating naman sa ikapito hanggang ikasampung baitang o junior high school, bahagya na lamang ang pagtuon sa wika at gramatika. Sa halip ay higit na binibigyang-tuon ang pagsusuri ng mga tekstong binabasa gayundin ang pagpapalawak ng talasalitaan.

Batay sa mga nabanggit, masasabing habang umuusad ang mga mag-aaral sa mas mataas na baitang, nababawasan ang pagtutok sa pagtuturo ng Filipino, partikular sa istruktura at gramatika nito. Mainam na higit pang masuri ang kasalukuyang kalagayan ng pagtuturo ng Filipino upang matukoy kung natutugunan nito ang layunin ng kurikulum at ang inaasahang kasanayan at kahandaan ng mga mag-aaral.

Bilang kaugnay na usapin sa wika at pagtuturo, mahalagang maisaalang-alang din ang implementasyon ng MTB-MLE na nagtatakda ng paggamit ng unang wika ng mga mag-aaral bilang pangunahing midyum ng pagtuturo sa unang tatlong taon nila sa eskuwelahan. Hunyo 2012 nang opisyal na ipinatupad ang MTB-MLE, kasabay ng K to 12 Basic Education Program ng Department of Education (DepEd). Sa pag-aaral nina Rafael at Rosario (2011) sa Pangasinan, lumabas na kulang ang paghahanda para sa mga learning material, at ilang buwan bago ang implementasyon nito, nangangapa pa rin ang mga guro sa kung paano ituturo ang Pangasinan bilang mother tongue. Dahil walang magamit na materyales, nabuo ang ilang negatibong pananaw hinggil sa MTB-MLE policy. Ganito rin ang naging tugon ng ilang magulang na sa usapin ng edukasyon ng mga anak ay umaasang Filipino na ang wikang gagamitin bilang wikang panturo sa loob ng klase. Sa implementasyon ng MTB-MLE, partikular sa mga klase na gumagamit ng Pangasinan bilang wikang panturo, hindi nagtugma ang kanilang mga inaasahan. Bagama't kinikilala ng mga magulang ang kahalagahan ng wikang Pangasinan bilang simbolo ng kanilang kultura at identidad, nananatili pa ring mas matimbang ang Filipino at Ingles sa edukasyon ng kanilang mga anak.

Mapapansing tila nagkakaroon ng pagsasabungan, subalit nagkakaroon ng niche ang mga wikang ginagamit sa paaralan hindi lamang bilang asignatura kundi bilang wikang panturo rin. Malaking palaisipan kung ang paggamit ng iba't ibang wikang panturo ay nakatutulong talaga upang higit na matuto ng mga konsepto ang mga mag-aaral. Kasama rin dito ang usapin ng kahandaan ng mga guro at paaralan sa paggamit ng iba't ibang wikang panturo. Mayroon ding patuloy na nagsusulong ng pagsasantabi ng MTB-MLE at pagbabalik sa bilingguwal na edukasyon bunsod ng pananaw na higit na makatutulong sa ekonomikong pag-angat ang pagkatuto sa pandaigdig na lingua franca (Ingles) kung kaya't ito na lamang ang dapat pagtuunan ng pansin sa mga paaralan.³

Naniniwala ang DFPP sa bisa ng wikang Filipino at ng mga katutubong wika sa Pilipinas bilang wikang panturo. Sa pahayag ng DFPP noong 2022 hinggil sa muling pagsusulong ng Ingles bilang wikang panturo, idiniin nitong:

Dapat at marapat na wikang Filipino ang pangunahing wikang panturo sa mga paaralan ng bansa. Mas matututuhan ng mag-aaral at kababayan natin ang pagkakaiba ng katotohanan at makaisang panig na opinyon, ang katotohanan sa likod ng kasaysayan, at sandata laban sa mga huwad na balita kapag ating

³Maaaring basahin bilang halimbawa ang Republic Act No. 12027, otherwise known as, "An Act Discontinuing the Use of the Mother Tongue as Medium of Instruction from Kindergarten to Grade 3, Providing for Its Optimal Implementation in Monolingual Classes," at ang Amending for the Purpose Sections 4 and 5 of Republic Act No. 10533, otherwise known as the, "Enhanced Basic Education Act of 2013."

gagamitin ang wikang Filipino. Hindi sukatan ang pagiging bihasa sa wikang Ingles upang masabing edukado at magkaroon ng mas magandang kinabukasan ang bawat isa. Sa mga Unibersidad gaya ng UP, isang malalim nang balon ng akademikong larangan at kaalaman ang pag-aaral sa wikang pambansa, ang wikang Filipino. (Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, 2022)

Makikita sa mga puntong inilahad sa itaas ang kahalagahan ng pananaliksik sa field at aktuwal na pakikipanayam sa mga stakeholder, kaysa ang namamayaning top-down na lapit sa pagbuo at pagpapatupad ng mga polisiya gaya ng patakarang pangwika. Lumilitaw rin ang kahalagahan ng pagbibigay-karunungan at kasanayan sa mga guro na siyang tunay na nagpapatupad ng mga polisiya sa mga mag-aaral na direktang naapektuhan ng mga patakarang pangwika. Mahalaga rin na mapag-aralan pa ang mga isinusulong na mga patakaran sa Filipino bilang wikang panturo at asignatura mula sa hanay ng tagapagpatupad, gumagamit, at nag-aaral nito.

5 Ang Filipino bilang Larangan

Mahalagang lingunin ang mga argumento para sa pag-iral ng Filipino bilang isang lehitimong wika, na ang pamantayan ay lampas sa mga ipinatutupad ng linggwistiks, kundi pinapatnubayan din ng iba't ibang kaugnay na disiplina sa agham panlipunan at iba pang kaugnay na larangan. Kung titingnan ang kasaysayan ng Departamento ng Linggwistiks sa UP, hindi aksidente ang pagpili nitong umanib sa Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya (KAPP)—noong

panahong hinati ang College of Arts and Sciences sa tatlong kolehiyo (Kolehiyo ng Arte at Literatura, Kolehiyo ng Agham, at KAPP). Sa pananaw ng mga naunang akademiko sa Departamento, gaya nina Constantino, Paz, at Ernesto Cubar, sa konteksto ng Pilipinas, hindi maihihiwalay ang pag-aaral ng wika sa mga disiplinaryang nag-aaral ng tao, lipunan, at kultura. Kung gayon, maliban sa mga linggwistik na katangiang nagpapaiba sa Filipino, masasabi ring ang lehitimasyon nito bilang isang wikang nagsasarili ay, bagaman may politikal ang pagkakayari (political construct), bunga ng kolektibong karanasan ng pag-iral at pakikipag-ugnayan ng mga etnolinggwistikong pangkat, pangangailangang umagapay sa nagbabagong paraan ng pamumuhay ng lipunan, at mayabong na karanasan ng bansa sa kabuuan.

Gamit ang ganitong palagay, isinulong ng mga naunang iskolar ng wika na nagmula sa Departamento ng Linggwistik sa UP ang pananaw sa wikang Filipino bilang isang lingua franca “...na laganap na sa buong kapuluan at patuloy na inaambagan ng mga gumagamit...” (C. J. Paz, 1995, p. 19) kung kaya hindi nakapagtata kang ito rin ang bumangong wika na laganap sa kapuluan, o sa madaling salita, pambansa ang nasasaklaw. Kaiba sa banyagang wikang sapilitang ipinagagamit ng mga kolonisador na nag-introdyus nito, ang lingua franca para kay C. J. Paz (1995) ay higit na demokratiko ang kalikasan: “...wikang pantulong sa komunikasyon ng taong mey sari-sariling wikang katutubo...” (p. 20). Ang pag-usbong ng lingua franca—hindi lamang sa rehiyon o mga magkakalapit na bayan o lalawigan, kundi maaaring pambansa rin ang nasasakupan—ay bunsod ng pangangailangang magkaunawaan lalo na sa isang bansang hindi lamang nagtataglay ng napakataas na linggwistik

na dibersidad, kundi binubuo rin ng napakadinamikong populasyon sa usapin ng pandarayuhan.

Alinsunod sa lohikal na progresyon, isinagawa ng Departamento ang malawakan at malalimang pananaliksik sa umiiral na lingua franca sa bansa sa pangunguna ni Constantino. Sa resulta ng kanilang paghahambing ng mga kayarian ng mga wika sa pamamagitan ng paglilibot sa kapuluan at pagrerekord ng mga linggwistik na datos mula sa iba't ibang etnolinggwistikong grupo, lumitaw ang mga sumusunod: (a) ang tinatawag nilang universal nucleus, o mga elementong pinagsasaluhan ng lahat ng wikang katutubo sa Pilipinas (C. J. Paz, 1995, p. 21); (b) ang pag-iral ng mga rehiyunal na lingua franca; at (c) dahil sa pagkakapareho ng mga wika sa larangan ng tunog at istruktura, ang pagtuklas sa mga wikang ginagamit sa buong kapuluan, lalo na sa mga sentro ng populasyon, kung kaya hindi pambihira ang isang Pilipino na multilingguwal, o nakaaalam ng pambansa at rehiyunal na lingua franca, wikang banyaga gaya ng Ingles, at wikang kinagisnan.

Mula sa mga puntong nailahad sa itaas, hindi nakapagtataakang naglabas ng deklarasyon ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), sa pamamagitan ng Resolusyon Blg. 92-1 na pinagtibay noong 13 Mayo 1992, na mababakas na isang update sa depinisyon ng Filipino bilang Wikang Pambansa sa Saligang-Batas ng Pilipinas:

Ito ay ang katutubong wika, pasalita at pasulat, sa Metro Manila, ang Pambansang Punong Rehiyon, at sa iba pang sentrong urban sa arkipelago, na ginagamit bilang wika ng komunikasyon ng mga etnikong grupo. Katulad ng alinmang wikang buhay, ang Filipino ay dumaraan sa

proseso ng paglinang sa pamamagitan ng mga panghihiram sa mga wika ng Pilipinas at mga di-katutubong wika at sa ebolusyon ng iba't ibang baryedad ng wika para sa iba-ibang sitwasyong sosyal, sa mga nagsasalita nito na may iba't ibang sanligang sosyal, at para sa mga paksa ng talakayan at matalisik na pagpapahayag. (*Naglalahad ng Batayang Deskripsyon ng Filipino*, KWF, 1992)

Mapapansing isa sa mga komisioner na lumagda sa naturang resolusyon ay si Cubar, na naging bahagi rin ng Departamento ng Linggwistiks bago naglingkod sa KWF. Gayunman, hindi rin maitatangging ang lehitimasyon ng Filipino bilang nagsasariling wika ay batbat ng mga kritisismo lalo na mula sa mga di-Tagalog na tagapagtaguyod. Mula sa punto de bista ng sosyolinggwistiks, tunay na nalantad ang mga sentro ng populasyon sa Tagalog bunga ng mga sumusunod: (a) itinuro ang Tagalog sa mga paaralan at (b) nasa rehiyong Katagalugan ang Maynila na sentro ng industriya at komersiyo (C. J. Paz, 1998, p. 11). Maaari ding idagdag na sa Maynila nagbubuhay ang pangmadlang midya na pambansa ang distribusyon. Gayunman, ayon pa rin sa pag-aaral ng mga iskolar ng linggwistiks (gaya ni C. J. Paz, 1998), ang mamamalas na transpormasyon ng Tagalog na tila bagang nag-aanyong payak na wika (plain language) ay isang ebidensiya ng pag-iral ng pambansang lingua franca, na "...pinalawak at pinayaman ng mga katutubong elemento ng mga wika ng mga etnolinggwistikong grupong gumagamit nito" (p. 12).

Kaya naitatag ang Departamento ng Pilipino and Philippine Literature (ngayo'y DFPP, tingnan ang Seksiyon 3) dahil sa nalilintang na ang Filipino bilang isang tiyak na akademikong disiplina. Sa kasaysayan

ng departamento, nakapailalim dati ang Filipino sa Philippine Studies na kung saan maaari itong piliin bilang isa sa mga konsentrasyon ng programang ito (ang isa pang konsentrasyon ay Panitikan).

Sa ngayon, may di-gradwado, masterado, at doktoradong programa sa Filipino na ebidensiya ng pagkakaroon nito ng sariling tahak at landasin. Maaari itong suportahan ng mga argumento na nagsasabing ganap o kung hindi man, ay umuunlad na akademikong disiplina na rin ang Filipino, bagay na isa sa iginiit ni Peregrino (2023) sa kaniyang naging panayam sa NCCA. Ibinatay niya ang kaniyang pamamalagay mula sa pag-aaral ni Krishnan (2009) na naglatag ng anim na katangiang tinataglay ng lumilitaw na akademikong disiplina.

Una, may tiyak na mga tuon sa pananaliksik ang bawat larangan (halimbawa, sa batas, sa lipunan, at sa pulitika) na maaaring kasalo ng iba pang disiplina. [Salin mula sa orihinal na Ingles: Disciplines have particular objects of research that can be shared with another discipline.] Ikalawa, may lawas ng tinipong espesyalisadong kaalaman ang bawat disiplina, na itinatampok ang kanilang mga tuon sa pananaliksik, na tiyak lamang sa kanila at hindi pangkaraniwang ginagamit sa ibang disiplina [Salin mula sa orihinal na Ingles: Disciplines have a body of accumulated specialist knowledge referring to their objects of research, which is specific to them and not generally shared with another discipline.]. Mayroong tiyak na ginagamit na kaalaman ang isang larangan na kung saan maaaring mayroon itong kabahagi mula sa ibang disiplina pero mayroon ding lawas ng kaalaman na pansarili o panloob lamang dito.

Ikatlo, may mga teorya at konsepto ang bawat disiplina na mabisang isinasaayos ang mga ganitong espesyalisadong kaalaman

sapagkat kabilang dito ang mga tiyak na terminolohiya o tiyak na teknikal na wika na nakaayon sa tuon nila sa kanilang pananaliksik. [Salin mula sa orihinal na Ingles: Disciplines have theories and concepts that can organize accumulative specialist knowledge effectively for this includes specific terminologies or specific technical language adjusted to their research object.] Ikaapat, gumagamit ng mga tiyak na terminolohiya o tiyak na teknikal na wika ang bawat disiplina, na nakaayon sa tuon nila sa kanilang pananaliksik. [Salin mula sa orihinal na Ingles: Disciplines use specific terminologies or a specific technical language adjusted to their research object.] Katulad ng nabanggit na kanina, mahalaga ang paglinang at paggamit ng mga terminolohiya o mga tukoy na bokabularyong natatangi para sa larangan. Mahalaga ito lalo na sa wika at sa intelektuwalisasyon nito.

Ikalima, nakapaglinang ng mga tiyak na metodong pampananaliksik ang bawat disiplina na nakaayon sa tiyak na kahingian ng kanilang pag-aaral. [Salin mula sa orihinal na Ingles: Disciplines have developed specific research methods according to their specific research requirements.] At ikaanim, kinakailangang may institusyonal na katibayan sa anyo ng asignaturang itinaturo sa mga unibersidad o kolehiyo, sa mga kinikilalang akademikong departamento, at sa mga propesyunal na asosyong konektado rito. [Salin mula sa orihinal na Ingles: Disciplines must have some institutional manifestation in the form of subjects, taught at universities or colleges, respective academic departments, and professional associations connected to it.] Sa kasalukuyan, mayroong apat na tiyak na larangan sa DFPP, isa rito ang Filipino. Mayroon itong tatlong antas ng akademikong programa: ang di-gradwado o BA, ang masteradong lebel o MA, at ang doktorado

o PhD. Bukod pa rito, may mga paghahati rin ang mga antas na ito na itinuturing na mga sab-erya. Nahahati ang mga sab-erya na ito sa Wika at Pagsasalin sa antas ng MA samantalang may mapagpipiliang tatlong erya ng espesyalisasyon sa PhD. May erya na nakatutok sa: (a) gramatika o istruktura na pangunahing layunin ay tuloy-tuloy na mag-ambag sa paglalarawan ng kayarian ng Filipino bilang buhay at dinamikong wika, saklaw nito ang paglinang ng iskolarsyip sa mga kaugnay na pag-aaral ng Filipino bilang pambansang wika at mga barayti nito sa opisyal na komunikasyon, wikang panturo at lingua franca; (b) pagpaplanong pangwika na sumusuri at nagtatasa sa mga polisiya at mga programa, nagtitiyak sa sitwasyong pangwika ng Pilipinas at kung papaano pinapalakad o binubuo ang mga polisiya para sa wika; at (c) pagsasalin na may pagiging malay sa pagsasalin, hindi lamang sa praktis kundi pati na rin sa pagteteorya rito.

Nagsimula ang mga partikular na larangan na ito ng departamento sa pagtuturo ng paisa-isang subjek ngunit habang lumalago na kagaya ng nasabi tungkol sa pagbubuo ng akademikong disiplina, nagkaroon ito ng sariling mga espesyalisadong termino, mga partikular na metodo sa pananaliksik, bagama't ito ay humihiram pa rin naman sa iba pang disiplina, hanggang dumating sa puntong mayroon nang malinaw na mga demarkasyon na nakikita hindi lamang doon sa sinasabing undergraduate o graduate program dahil mayroong mga partikular na layunin, kasanayan, o kaalaman na hinahanap sa bawat yugto o bawat lebel na ito ng pag-aaral.

May kaniya-kaniyang espesyalisasyon ang larangan ng Filipino, at isa sa mahahalagang sab-erya nito ang pagpaplanong pangwika na tumututok sa mga polisiya at programang pangwika ng isang lipunan.

May kaniya-kaniya at iba-ibang karanasan ang bawat lipunan, at natatangi ang karanasan ng bawat isa. Hindi ito mismo sagot pero isang pamamalagay. Unang-una, tayo ay nabubuhay sa panahong ito na kung saan nililina ang Filipino, isang pambansang wika na ibinabatay mula sa iba't ibang wika, kinikilala ang ambag ng mga katutubong wika na magkakaangkan at ang mga banyagang wika na nagkaroon ng makabuluhang ugnayan sa atin dahil sa ating naging kasaysayan, maaaring dahil sa kalakalan, kolonisasyon, o migrasyon. Ikalawa, hindi tayo isang monolingguwal na lipunan o kaya nama'y isang multilingguwal na lipunan na may iisang itinatanging wika na gumaganap sa lahat ng papel sa lipunan. Bagama't maaaring pagtalunan natin na may mga wika o barayti na mas mataas ang ikinakabit nating prestihiyo, katotohanan din na higit sa isang wika ang binigyan natin ng gampanin sa lipunan gaya ng ating mga opisyal na wika. Bukod pa rito, nangyari na sa kasaysayan ng mga lipunan sa mundo ang pagluwal ng isang bagong wika dala ng mga sitwasyong nagbubunga nito. Kakabit dito ang kalikasan ng wika na natural na nagbabago sa paglipas ng panahon at maaari ding dala ng impluwensiya mula sa labas, o ng patern ng paggamit ng mga mananalita mismo nito. Ang tanong kung gayon ay pinaplano ba natin ang paglinang ng Filipino o ito ba'y isang natural na proseso?

Halimbawa, ang wikang Ingles ay may mahabang kasaysayan ng nakasulat na tradisyon. Pero paano natin nalaman na ang wika kung saan nakasulat ang *Beowulf* ay Ingles? Ibig sabihin, noong mismong panahon na nabubuhay ang mga taong gumagamit nito, hindi nila sasabihin na iyon ang Lumang Ingles, hindi pa nila sinasabi na Ingles iyon. Natural talaga ang paggamit ng wika. Natural talaga ang

pag-unlad nito. Nagkataon na nandito tayo sa yugto ng kasaysayan ng ating pambansang wika na kung saan hindi pa maihiwalay ang pambansang wika na may monolingguwal na batayan (ang Pilipino) at ang pambansang wika na may multilingguwal na batayan (ang Filipino). Hindi naging pambansang wika ang Tagalog pero malaki ang naging papel nito sa paghubog ng Wikang Pambansa (at ng Pilipino) bilang batayan nito ayon sa Konstitusyon ng 1935. Nandito tayo sa panahon na pinagtatalunan pa kung ang sinasabing pambansang lingua franca ay malaki pa rin ang pagkakahawig sa Tagalog o tunay na nagdedebelop na nang hiwalay. Ang argumentong ito ang siyang ipinaglalaman ng mga tagapagtaguyod nito noong Konstitusyon ng 1987, ayon na rin sa paglalarawan ni Atienza (1996) sa mga nangyaring proseso, pamomolitika, panghihikayat, at paggawa ng mga kompromiso sa pagpili ng pambansang wika noong panahon ng Komisyon ng Konstitusyonal ng 1986.

6 Tuon at Tahak ng Filipino bilang Wika, Asignatura, at Larangan

Mababakas mula sa mga tinalaytay sa itaas na, ipinaglilihi pa lamang ang konsepto ng isang wikang mauunawaan at gagamitin ng karamihan sa mga mamamayan ng isang kapuluan gaya ng Pilipinas, nababatid na ng mga sangkot sa paglikha ng wikang pambansa na ito ay mabubuo sa sintetikong pamamaraan (kaiba sa natural na pagsilang ng isang wika mula sa inobasyong nag-uugat sa mismong populasyong nagsasalita nito). Subalit, ayon na rin sa mga akademiko at linggwista, ang sintetikong paraan ay hindi praktikal, lalo na sa konteksto ng bansa

na noon ay bumabangon pa lamang mula sa epekto ng kolonyalismo at mga digmaan. Magkagayunman, namalagi ang pagpupunyaging makabuo ng isang wikang nakasandig sa linggwistik na dibersidad ng bansa, upang masalamin ang politikal na adhikaing maging demokratiko ang pagtatakda ng pambansang wika, alang-alang sa pagtatamo ng pantay na karapatan at kakayahang makilahok sa mga pambansang pakikipagtalastasan at mga pagpapasya.

Ang kaso ng Filipino ay isang paksang nangangailangan pa ng malalimang pag-aaral, lalo na sa kasalukuyang panahon na binibigyang-daan ng pagsapit ng panahon ng impormasyon at pagdating ng makabagong teknolohiya ang iba't ibang pamamaraan at oportunidad upang saliksikin ang Filipino bilang wikang umusbong sa isang multilingguwal na kapuluan, pinagtibay ng mga pagpupunyaging politikal, at pinagyayaman ng kultural na kontak ng iba't ibang etnolinggwistikong grupo sa bansa.

Maaaring nandito tayo sa sangandaan ng ganoong pag-unlad kung kaya't mahirap pag-ibahin ang dalawang kamalayan na ito. Makabuluhan ang ipinunto ni P. Constantino (2012) na mahalaga ang pananaw ng mga mananalita sa pagdebelop ng Filipino sa pamamagitan ng kanilang dalas at lawak ng paggamit. Kinakailangan kung gayon na malampasan o makawala sa pagkakakulong sa tradisyonal na kamalayan tungkol sa pambansang wika ang mga Pilipino. Kung gayon, maituturing na isang adbokasiya ang pagpapalaganap ng konsepto ng Filipino ayon sa orihinal na sentimyentong nagluwal nito.

7 Mga Sanggunian

- Atienza, Maria Ela. (1996). Ang pulitika sa paggawa ng palisi sa wika ng Konstitusyon ng 1987. Sa Pamela Constantino & Monico Atienza (Pat.), *Mga piling diskurso sa wika at lipunan*. UP Press.
- Constantino, Ernesto. (w.p.). *Ang kasaysayan ng Departamento ng Lingguwistiks* [Hindi Nailimbag na Manuskrito].
- Constantino, Ernesto. (2015). Ang “universal approach” at ang wikang pambansa ng Pilipinas. Sa Rose Torres-Yu (Pat.), *Daluyan: Journal ng wikang Filipino. espesyal na isyu* (pp. 13–25). <http://journals.upd.edu.ph/index.php/djwf/article/view/4942/4454>
- Muling inilimbag mula sa Constantino, Ernesto, Sikat, Rogelio, & Cruz, Pamela D. (Pat.). (1974). *Filipino o Pilipino?: Mga bagong babasahin sa pambansang wika at literatura*. Rex Bookstore.
- Constantino, Pamela. (1991). *Pagpaplanong pangwika tungo sa modernisasyon: Karanasan ng Malaysia, Indonesia at Pilipinas*. UP Sentro ng Wikang Filipino.
- Constantino, Pamela. (2012). Ang wikang Filipino bilang konsepto. Sa Jovy M. Peregrino, Pamela C. Constantino, Nilo S. Ocampo, & Jayson D. Petra (Pat.), *Salindaw: Varayti at baryasyon ng Filipino*. Sentro ng Wikang Filipino.
- De Leon, Jay Israel B. (2020). Si Ernesto Constantino at ang Wikang Filipino: Intelektuwal na talambuhay ng isang haligi ng Lingguwistika at pagpaplanong pangwika sa Pilipinas. *MALAY*, 33(1), 1–21.
- Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas. (2022, Hulyo 5). *Pahayag ng UP Diliman Departamento ng Filipino at Panitikan*

- ng Pilipinas sa muling pagsulong ng Ingles bilang wikang panturo.*
<https://upd.edu.ph/pahayag-ng-up-diliman-departamento-ng-filipino-at-panitikan-ng-pilipinas-sa-muling-pagsulong-ng-ingles-bilang-wikang-panturo/>
- Gonzales-Garcia, Lydia. (w.p.). *Ang kasayasayan ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas* [Hindi Nailimbag na Manuskrito].
- Komisyon sa Wikang Filipino. (1992). *Naglalahad ng batayang deskripsyon ng Filipino*. Resolusyon Blg. 92-1.
- Krishnan, Armin. (2009). What are academic disciplines? some observations on the disciplinarity vs interdisciplinarity debate. *NSRM Working Paper Series*. ESRC National Centre for Research Methods.
- Laranjo, Ronel. (2020). Panimulang pagsipat sa sitwasyon ng pagtuturo ng wikang Filipino bilang ikalawang wika sa mga banyagang mag-aaral. Sa Teresita Gimenez-Maceda Galileo Zafra & Amado Anthony G. Mendoza III (Pat.), *Bien! Bien! Alagad ng sining, anak ng bayan* (pp. 156–162). UP Sentro ng Wikang Filipino Diliman.
- Melendrez-Cruz, Patricia. (1996). Ang pulitika ng wikang panturo. Sa Pamela Constantino & Monico Atienza (Pat.), *Mga piling diskurso sa wika at lipunan*. UP Press.
- National Commission for Culture and the Arts. (2013). The Filipino language. *Balanghay: The Philippine Fact Sheet. Issue No. 4 January–February 2013*.
- Orara, Jovita. (1993). *Ang papel ng UP sa kilusan para sa wikang pambansa*. UP Sentro ng Wikang Filipino.

- Paz, Consuelo J. (1995). Ang Filipino bilang linggwa frangka. Sa Consuelo J. Paz (Pat.), *Ang wikang Filipino: Atin ito* (pp. 19–29). Sentro ng Wikang Filipino, Sistemang Unibersidad ng Pilipinas.
- Paz, Consuelo J. (1998). Pagsilang ng wika: Ang kaso ng Filipino. Sa *Mga papel ng ika-8ng Knggreso ng Linggwistiks sa Pilipinas (The Archive Special Publication)* (pp. 7–15).
- Paz, Vina. (2012). Ang pang-akademyang varayti ng wika sa Pilipinas. Sa et al. Jovy Peregrino (Pat.), *Salindaw: Varayti at baryasyon ng Filipino*. Sentro ng Wikang Filipino.
- Peregrino, Jovy. (2023, Hunyo 23). *Kultural na edukasyon bilang akademikong disiplina*. Tagapanayam para sa Luzon Cluster Pagsasanay sa Edukasyong Pangkultura (PEP), NCCA Philippine Cultural Education Program, Asia Social Institute, Manila.
- Perez, April, & Petras, Jayson. (2019). Pagsusuri sa nilalamang panggramatika ng kurikulum ng K-12. *Pandiwa Journal*, 1. Komisyon sa Wikang Filipino.
- Quinn, George. (2001). *The learner's dictionary of today's Indonesian*. Allen & Unwin.
- Rafael, Ria, & Rosario, Jr., Francisco. (2011, Hunyo 14-16). *On language shift and revitalization: The case of Pangasinan* [Presentasyong Papel]. International Conference on Humanities 2011, School of Humanities, Universiti Sains Malaysia.
- Santiago, Alfonso O. (1979). Mixed bilingualism: A prelude to incipient creolisation of Pilipino? *Southeast Asian Linguistic Studies*, 3, 85–114.

- Sikat, Rogelio. (1990). Tawagin mang Tagalog o Filipino, ang pambansang wika'y narito na. Sa Al O. Santiago, Pamfilo D. Catacataca, & Patrocinio V. Villafuerte (Pat.), *Bantayog: Mga piling sanaysay sa wika at panitika*. Phoenix Publishing House, Inc.
- Sneddon, James N. (2003). *The Indonesian language: Its history and role in modern society*. UNSW Press.
- Teodoro, Noel V. (w.p.). *The Department of Filipino and Philippine Literature: 1966–1981* [Hindi Nailimbag na Manuskrito].
- Yabes, Leopoldo. (1977). History of Pilipino as the common national language. Sa Bonifacio P. Sibayan & Andrew B. Gonzalez (Pat.), *Language planning and the building of a national language: Essays in honor of Santiago A. Fonacier on his ninety-second birthday* (pp. 341–355). Linguistic Society of the Philippines; Language Study Center, Philippine Normal College.